**MGA SUSING PANGUNGUSAP PARA SA 2021 MEMORIAL DAY CONFERENCE**

**Kailangan nating malaman ang katotohanan at maging lubusan para sa katotohanan,
para sa pagtaban ng pagiging lubusan ng katotohanan,
at para sa pagpapatotoo sa katotohanan sa kasalukuyang masamang kapanahunan.**

**Kapag ang Espiritu ng katotohanan, ang Espiritu ng realidad,
ay nagliliwanag sa mga espirituwal na katotohanan na nakatala
at nakapaloob sa Bibliya, tayo ay makakatanggap ng katotohanan, ng realidad;
bawat umaga ay mahihipo natin ang buhây na Salita sa nakasulat na Salita
at matataglay ang dibinong realidad, ang naprosesong Tres-unong Diyos
bilang ang inaplay na salita, na inilalin sa ating katauhan.**

**Para sa pagpapasukdol ng dibinong ekonomiya,
kailangan nating mabuuan ng dibinong katotohanan
at maging lubusan para sa daan ng dibinong katotohanan
at para sa pagpapalaganap ng dibinong katotohanan.**

**Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng liwanag ng katotohanan,
at ang pinakamahigpit na kailangan sa lupang ito ngayon ay ang katotohanan ng kapanahunang ito;
ang pagdami ng ekklesia ay nakasalalay sa pagpapakalat ng katotohanan,
kaya dapat tayong gumugol ng panahon upang matutuhan ang katotohanan at ipamahagi si Kristo sa iba
para sa pagpaparami at pagpapakalat ng ekklesia.**

*© 2021 Living Stream Ministry*

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**NALALAMAN ANG KATOTOHANAN,**
**PAGIGING LUBUSAN PARA SA KATOTOHANAN,**
**AT IPINOPROKLAMA ANG KATOTOHANAN SA KASALUKUYANG MASAMANG KAPANAHUNAN**

Mensahe Isa

## Nalalaman ang Katotohanan, Pagiging Lubusan para sa Katotohanan at para sa Pagtangan sa Pagiging Lubos ng Katotohanan, at Nagpapatotoo sa Katotohanan sa Kasalukuyang Kapanahunan ng Sanlibutan

Babasahin sa Kasulatan: Juan 18:37b; Efe. 2:2; Roma 12:2; 1 Juan 5:19b-20

**I. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng mga dibinong katotohanan gaya ng inihayag sa Salita ng Diyos—2 Tim. 3:16:**

A. Ang katotohanan ay ang Tres-unong Diyos kasama ang Kanyang salita—Juan 1:1, 14-17; 14:6, 16-17; 15:26; 16:13; 17:17; 18:37b.

B. Maraming katotohanan sa Salita ang nawala, hindi naunawaan, at naiaplay nang di-tama; kaya, mayroong pangangailangan para sa pagbabawi ng Panginoon—2 Tim. 2:15.

C. Ang pagbabawi ay may pinakamataas na katotohanan—ang katotohanan na siyang pagpapasukdol ng mga katotohanang nabawi sa mga nakalipas na siglo—bb. 2, 15.

**II. Sa mga sinulat ni Juan, ipinapakahulugan ng salitang Griyego para sa *katotohanan* (*aletheia*) ang lahat ng realidad ng dibinong ekonomiya bilang nilalaman ng dibinong pahayag, na inihatid at binuksan ng banal na Salita—Juan 17:17; 18:37b:**

A. Ang katotohanan ay ang Diyos, na siyang liwanag at pag-ibig, nagkatawang-tao upang maging realidad ng mga dibinong bagay upang ating angkinin—1:1, 4, 14-17.

B. Ang katotohanan ay si Kristo, na siyang Diyos na nagkatawang-tao at sa Kanya ang buong kapuspusan ng Pagka-Diyos ay nananahan sa katawan, bilang realidad ng Diyos at tao, ng lahat ng sagisag, mga larawan, at mga anino ng Lumang Tipan, at ng lahat ng dibino at espiritwal na bagay—Col. 2:9, 16-17; Juan 4:23-24.

C. Ang katotohanan ay ang Espiritu, na siyang si Kristo na nagbagong-anyo, bilang realidad ni Kristo at ng dibinong pahayag—14:16-17; 15:26; 16:13-15.

D. Ang katotohanan ay ang Salita ng Diyos bilang ang dibinong pahayag, na naghahayag at naghahatid ng realidad ng Diyos at ni Kristo at ng lahat ng dibino at espiritwal na bagay—17:17.

E. Ang katotohanan ay ang nilalaman ng pananampalataya (paniniwala), na siyang mga substansiyal na elemento ng kung ano ang sinasampalatayanan natin, bilang realidad ng ganap na ebanghelyo—Efe. 1:13.

F. Ang katotohanan ay ang realidad hinggil sa Diyos, sa sansinukob, sa tao, kaugnayan ng tao sa Diyos at sa kanyang kapwa tao, at obligasyon ng tao sa Diyos, gaya ng inihayag sa pamamagitan ng paglikha at ng Kasulatan—Roma 1:18-20; 2:2, 8, 20.

G. Ang katotohanan ay ang pagiging tunay, pagiging totoo, sinseridad, pagkamatapat, pagiging mapagkakatiwalaan, at katapatan ng Diyos bilang isang dibinong kagalingan at ng tao bilang isang pantaong kagalingan, at bilang bunga ng dibinong realidad—3:7; 15:8; 2 Cor. 11:10; 1 Juan 3:18.

H. Ang katotohanan ay tumutukoy sa mga bagay na totoo o tunay, ang totoo o tunay na kalagayan ng mga bagay-bagay (mga katunayan), realidad, pagkatotoo, bilang kabaligtaran ng kabulaanan, panlilinlang, pagpapanggap, pagkukunwari, at kamalian—Marc. 12:32; Juan 16:7; Roma 1:25.

**III. Ang dibinong katotohanan ay lubusan, at dapat tayong maging lubusan para sa katotohanan at para sa pagtangan sa pagiging lubos ng dibinong katotohanan—3 Juan 3-4, 8:**

A. Ang maging lubusan sa katotohanan ay nangangahulugang isaisantabi ang mga damdamin, ang ipagwalang-bahala ang mga personal na ugnayan, at hindi tumatayo para sa sarili—Mat. 16:24-25; 1 Ped. 1:22:

1. Ang katotohanan ay ang namumukod-tanging pamantayan, at dapat tayong tumayo sa panig ng katotohanan upang salungatin ang ating sarili; ang panghawakan ang pagiging lubos ng katotohanan ay posible lamang kung tayo ay naililigtas sa ating sarili—Juan 8:32; 2 Juan 2; 3 Juan 3-4.
2. Kung ang katotohanan ay hindi isang lubusang bagay para sa atin, hindi natin nakikilala ang Diyos, at hindi natin nalalaman ang salita ng Diyos—2 Tes. 2:10; 1 Juna 5:20.
3. Kung hindi tayo lubusan para sa katotohanan, isasakripisyo natin ang katotohanan ng Diyos para sa ating sarili o sa ating mga sariling nais—Kaw. 23:23.
4. Dapat nating igalang ang katotohanan ng Diyos, tahakin ang daan ng katotohanan, at huwag ikumpromiso ang katotohanan sa anumang paraan—2 Ped. 2:2.

B. Dapat tayong maging lubusan kapwa para sa mga obhektibong katotohanan at mga subhektibong katotohanan—Juan 8:32; 14:6:

1. Ang mga katotohanan sa Biblia ay kapwa may obhektibong aspekto at subhektibong aspekto; ang obhektibong aspekto ay para sa subhektibong aspekto—Roma 8:34, 10; Col. 3:1; 1:27.
2. Ang mga obhektibong doktrina ay para sa mga subhektibong katotohanan, at ang mga subhektibong katotohanan ay para sa pagbubunga ng ekklesia—2 Juan 1-2, 4; 3 Juan 3-4, 7-9a.
3. Ninanais ng Panginoon na bawiin ang mga subhektibong katotohanan sa mga Banal na Kasulatan, lalo na ang subhektibong aspekto ng katotohanan hinggil sa Tres-unong Diyos at sa ekklesia—Juan 1:14; 14:16-20; 1 Tim. 6:15-16; 2 Tim. 4:22; 3:15-16.
4. Maraming mahalagang subhektibong katotohanan ang nailibing, subalit sa pagbabawi ng Panginoon ang mga katotohanang ito ay nabuhay na muli upang maging mga nabawi, nabuhay na muling katotohanan—Juan 17:17; 18:37b.

**IV. Kapag tayo ay nagpapatotoo sa katotohanan sa "kapanahunan ng sanlibutang ito," tayo ay kaisa ng matagumpay na Kristo sa pakikipagbaka laban kay Satanas, ang diyablo, ang ama ng mga kasinungalingan, "ang pinuno ng sanlibutang ito," "ang diyos ng kapanahunang ito" na "bumulag sa mga kaisipan ng mga di-mananampalataya"—Efe. 2:2; Juan 8:44; 12:31; 2 Cor. 4:4:**

A. Ang kalikasan ng diyablo ay isang kasinungalingan at nagdadala ng kamatayan at kadiliman; kalakip ng kadiliman ay ang kabulaanan, ang kabaligtaran ng katotohanan—Juan 8:44:

1. Ang diyablo ay "hindi tumatayo sa katotohanan, sapagkat walang katotohanan sa kanya"—b. 44.

2. Ang makasatanas na kadiliman ay laban sa dibinong liwanag, at ang makasatanas na kasinungalingan ay laban sa dibinong katotohanan—1 Juan 1:6.
3. Kung paanong ang dibinong katotohanan ay ang kahayagan ng dibinong liwanag, gayundin ang makasatanas na kasinungalingan ay ang kahayagan ng makasatanas na kadiliman—Juan 8:12, 44.

B. "Ang diyos ng kapanahunang ito" ay si Satanas, ang manlilinlang, ang pinuno ng kasalukuyang kapanahunang ito; pinangingibabawan niya ang kasalukuyang sanlibutan at naghahanap ng pagsamba ng tao sa pamamagitan ng pagbulag sa mga kaisipan, mga pag-iisip, ng mga di-mananampalataya—2 Cor. 4:4:
1. Ang *binulag* sa 2 Corinto 4:4 ay nangangahulugang talukbungan ang pang-unawa ng isang tao.
2. Ang *mga kaisipan* sa bersikulong ito ay tumutukoy sa pang-unawa ng pag-iisip.

C. "Ang buong sanlibutan ay nakahilig sa masamang isa"—1 Juan 5:19b:
1. Ang buong makasatanas na sistema ng sanlibutan at ang mga tao sa sanlibutan, ang natisod na pantaong lahi, ay walang tutol na nakahilig sa ilalim ng mapangamkam at mapagmanipulang kamay ni Satanas, ang masamang isa.
2. Sa Griyego *ang masamang isa* ay tumutukoy sa isa na nakasisira, nakakapaminsalang kasamaan, ang isa na nag-iimpluwensiya sa iba upang maging masama; ang masamang isang ito ay si Satanas, ang diyablo, kung kanino ang buong sanlibutan ay nakahilig—b. 19b.
3. Ang masamang sistemang ito, ang kaharian ng kadiliman, ay hinatulan nang ang pinuno nito, si Satanas, ay pinalayas sa pamamagitan ng pagkapako ng Panginoon sa laman—Juan 12:31; 14:30; 16:11.

D. *Ang sanlibutang ito* sa Efeso 2:2 ay tumutukoy sa makasatanas na sistema, na binubuo ng maraming kapanahunan:
1. Ang isang kapanahunan ay isang bahagi ng sanlibutan, ang makasatanas na sistema.
2. *Ang kapanahunan* sa Efeso 2:2 ay tumutukoy sa kasalukuyan at modernong anyo ng sistema ni Satanas, na ginamit niya upang kamkamin at okupahan ang mga tao at ilayo sila sa Diyos at sa Kanyang layunin.
3. *Ang kasalukuyang masamang kapanahunan* sa Galacia 1:4 ay tumutukoy sa relihiyosong sanlibutan, ang relihiyosong agos ng sanlibutan.

E. Kung nais nating magpatotoo sa katotohanan sa kasalukuyang kapanahunan, dapat nating sundin ang utos ni Pablo sa Roma 12:2: "Huwag kayong magsiayon sa kapanahunang ito, kundi matransporma kayo sa pamamagitan ng pagpapabago ng kaisipan":
1. Ang magsiayon, maiwangis, ay ang mag-anyo ng isang panlabas na kahayagan na hindi nagmumula sa loob natin ni kumakatawan sa ating panloob na katauhan bilang isang naisilang na muling anak ng Diyos—Juan 1:12-13.
2. Hindi dapat tayo iwangis ng sanlibutan hanggang sa punto na tayong mga naihiwalay na sa sanlibutan tungo sa Diyos ay magkaroon ng parehong larawan ng kapanahunang ito.
3. Kailangan nating mapabago sa espiritu ng ating kaisipan, hinahayaan ang pinaghalong espiritu na lumaganap sa ating kaisipan, sa gayon ay nagiging ang espiritu ng kaisipan at sinasanhi ang ating kaisipan, damdamin, at pagpapasya na mapabago sa pamamagitan ng isang bagong elemento na naisasagawa sa ating panloob na katauhan—Efe. 4:23; 1 Cor. 6:17; Roma 12:2.

F. "Samakatwid tumayo kayo, na ang inyong mga baywang ay nabibigkisan ng katotohanan"; ang mabigkisan ng katotohanan ay para sa pagpapalakas ng ating buong katauhan—Efe. 6:14a.

G. Makapagpapatotoo tayo sa dibinong katotohanan sapagkat nalalaman natin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagiging nasa tunay na Isa—1 Juan 5:20:
   1. Ang Panginoong Hesus, ang Anak ng Diyos, ay dumating at nagbigay sa atin ng isang pang-unawa upang makilala natin ang tunay at totoong Diyos—Juan 1:14, 18; 1 Juan 5:20.
   2. Dalawang ulit na sinabi ng 1 Juan 5:20 ang "Siya na tunay," ang tunay na Isa, ang Tunay:
      a. Ang katawagang *ang tunay na Isa* ay tumutukoy sa Diyos na nagiging subhektibo sa atin, sa Diyos na obhektibo na nagiging ang tunay na Isa sa ating buhay at karanasan.
      b. Ang tunay na Isa ay ang dibinong realidad; ang makilala ang tunay na Isa ay nangangahulugang malaman ang dibinong realidad sa pamamagitan ng pagdaranas, pagtatamasa, at pag-angkin sa realidad na ito.
      c. Ipinahihiwatig ng bersikulo 20 na ang dibinong realidad, na siyang Diyos Mismo, ay naging ating realidad sa ating karanasan; ang Diyos na minsang obhektibo sa atin ay naging ating subhektibong realidad—b. 6.

H. Sapagkat nakikilala natin ang tunay na Isa at ang Espiritu ng katotohanan (b. 20; 4:6) at sapagkat si Kristo, ang katotohanan, ay nabubuhay sa loob natin at ang Tres-unong Diyos ay gumagawa sa loob natin upang gawin tayong mga Diyos-tao—ang pagpaparami ni Kristo, ang unang Diyos-tao—makapagpapatotoo tayo sa katotohanan gaya ng ginawa ng Panginoon Mismo nang Kanyang sinabi, "Ako ay ipinanganak dahil dito, at dahil dito Ako ay naparito sa sanlibutan, upang magpatotoo Ako sa katotohanan. Ang bawat isang mula sa katotohanan ay nakikinig sa Aking tinig" (Juan 18:37b).

*© 2021 Living Stream Ministry*